PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 26 AUGUST 22 - 28, 2022 10.00

# Two new technology adaptors from Cavite attend Technology Training on the Production of Enhanced Nutribun Squash Variant

By: VerjoAngelie Maristela- Sisante

**DOST-Cavite-assisted firms SIR EZER Bakery and Maestra Panaderia underwent a Technology Training on the Production of Enhanced Nutribun Squash Variant last 15-17 August 2022. Both firms previously signed a Technology Licensing Agreement to adopt the Enhanced Nutribun Squash Variant (ENSV) technology of the DOST-Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI).**



With the aim to improve the nutritional status of the Filipino population, in particular those nutritionally-at-risk, the DOST-FNRI promotes the commercial production and distribution of their Enhanced Nutribun technology in a series of virtual trainings. SIR EZER and Maestra Panaderia belong to the Batch 16 of trainees. Participant-firms were primed in Food Safety, Good Manufacturing Practices, and taught on how to produce the ENSV and squash puree during the three-day training.

Both firms expressed their appreciation to the DOST-FNRI and DOST-Cavite for the support and opportunity given to them as one of the licensees of ENSV. To Ms. Leadina T. Monzon, owner of Maestra Panaderia, a healthy community, is a symbol of a prosperous nation. “Napakalakingtulong po itosaamingmgabakers para umunlad ang aming negosyo Pangalawa isang magandang oportunidad po ito na makatulong kami na makapag produce ng masustansyang tinapay na makakatulong sa mga batang Filipino gayon din sa kapwa natin Filipino na masustain ang nutritional sufficiency,” she remarked.

Meanwhile, for Mr. Eliezer Alvez Mendoza, the training was very informative and helpful in producing nutritious, safe and delicious varieties of breads, “We become more aware of the importance of exact and accurate measurement of ingredients to assure nutrition and improve taste and appearance of bread, particularly the Enhanced Nutribun. We also become more attentive to safe and sanitary baking processes. Finally, we also

SEE PAGE 3




# Cayetano sa DepEd laptop issue: Dapat ipakita natin sa mga bata na ‘crime does not pay’

**Muling umapela si Senador Alan Peter Cayetano noong Lunes na imbestigahan na ng Senado ang isyu tungkol sa pagbili ng Department of Education (DepEd) ng umano’y overpriced na mga laptop na dapat sana ay gagamitin ng mga guro bilang bahagi ng remote learning program ng ahensya sa gitna ng pandemya.**

“How can we teach our kids that crime does not pay kung pagbukas nila ng TV eh halos kapresyo ng MacBook Air ang laptop na binili para sa teachers nila?” wika ni Cayetano sa isang press conference bago magsimula ang sesyon sa Senado noong Lunes.




Sinabi rin niya na hindi tugma ang mataas na presyo at mababa na specifications ng nasabing mga laptop.

"Kung walang tinatago, walang mawawala sa isang imbestigasyon. Malalaman agad ng tao kung ito ba ay dahil sa bureaucratic red tape, o may nagkamali, or may nangorap ba dito?" dagdag ng senador.

Kasabay nito, sinabi ni Cayetano na naniniwala siyang walang kinalaman si dating Pangulong Rodrigo Duterte sa nasabing isyu.

"I have full faith na walang kinalaman si PRRD sa mga laptop na ‘yan dahil alam kong hindi nakikialam siya sa mga ganyan. Too trivial na para pakialaman niya pa," ani Cayetano.

Inihain ng senador ang Proposed Senate Resolution No. 134 noong August 11, 2022, kung saan hinihiling niya sa Senate Blue Ribbon Committee na imbestigahan upang makatulong sa paglikha ng batas ang pagkuha ng DepEd ng umano’y overpriced na mga laptop sa pamamagitan ng Department of Budget and Management Procurement Service (DBM-PS).

Sa nasabing resolusyon, kinwestyon ni Cayetano kung bakit tila masyadong mahal ang mga laptop na nakuha ng DepEd

SEE PAGE 3




ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0922-3648349 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## Benepisyo ng isda at iba pang tips pangkalusugan


Doc Willie and Liza Ong

Payo ni Doc Willie Ong

Maraming protina, bitamina at minerals ang isda kumpara sa karneng baboy at baka. Sagana sa omega-3 fatty acids ang isda, gaya ng bangus, sardinas, mackerel at salmon.

Ang pagkain ng isda ay makatutulong para makaiwas sa mga sakit na gaya ng mga sumusunod:

1. Hika—Ang mga batang mahilig sa isda ay mas hindi hinihika.

2. Para sa utak at mata—Ang isda ay sagana sa omega-3 fatty acids na mabuti sa ating utak at likod ng mata o retina.

3. Kanser—May tulong ang omega-3 fatty acids sa pag-iwas sa kanser sa suso, obaryo, prostate, bibig at lalamunan.

4. Sakit sa puso—Ang pagkain ng isda ng tatlong beses sa isang linggo ay nakababawas sa sakit sa puso, pagbabara ng ugat at problema sa cholesterol.

5. Para tumalino—Kung gustong tumalino ang mga bata, kumain din ng isda.

6. Pagkalungkot—Ang mga mahilig kumain ng isda ay mas hindi nade-depressed, dahil sa taglay na omega-3 fatty acids.

7. Diabetes—Mas nakokontrol ang blood sugar ng mga diabetic kapag isda ang kakainin nila.

8. Arthritis at psoriasis – Nakababawas ng sintomas ng arthritis at psoriasis ang pagkain ng isda.

* * *


Mabisang tips sa kalusugan

1. Kumain ng kaunting pagkain—Maraming pag-aaral ang nagpakita na ang pagbabawas sa pagkonsumo ng calories ay nagpapahaba ng buhay. Ayon sa teorya sa pag-diyeta, ang pagkain ng mas kaunting pagkain (20 percent na mas kaunti) ay maaaring mabawasan ang dami ng pama-maga sa mga daluyan ng dugo at maaaring bawasan ang dami ng mga lason sa katawan. Kahit sa panahon ng Bibliya, ang pag-fasting at pag-iwas sa ilang mga pagkain ay hinihikayat.

2. Subukan ang Mediterranean Diet—Ang Mediterranean diet ay binubuo ng gulay, prutas, beans, mani at olive oil. Ang mga isda at manok ay kinakain din ng katamtaman. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang mga taong kumonsumo ng Mediterranean diet ay makaiiwas sa sakit sa puso at Alzheimers Disease. Sa katunayan, itinuturing ito ng ilang mga eksperto bilang pinakamasustansiyang diyeta.

3. Piliin ang masustansyang fats—Mayroong dalawang uri ng taba o fats: ang masustansya at hindi masustansyang taba. Ang mga hindi masustansyang taba (saturated fats at trans-fatty acids) ay nagdudulot ng sakit sa puso. Ang saturated fats ay matatagpuan sa mantikilya, creams, at taba ng baboy at baka. Ang trans fats ay matatagpuan sa margarines at cooking oil at mga pagkaing dumaan sa proseso kagaya ng biscuits. Tingnan ang label at subukang bawasan ang pagkain nito. Sa kabilang dako, ang masustansyang fats ay matatagpuan sa mani, abokado at matatabang isda katulad ng salmon, sardines, mackerel at tilapia. Kung mamimili, piliin ang low-fat milk at low fat na mga palaman. Alisin ang mga nakikitang taba bago ito lutuin.

4. Panatilihin ang kalinisan sa ngipin—Ang pagkakaroon ng sakit sa gilagid ay nauugnay sa sakit sa puso at sa katunayan ay maaaring magpaikli ng buhay. Pinaniniwalaan na ang pamamaga sa gilagid ay nauugnay din sa pamamaga ng mga ugat sa puso. Ang impeksyon sa bibig ay maaaring humantong sa delikadong impeksiyon sa valve ng puso. Magsepilyo ng ngipin tatlong beses kada araw. Gumamit ng panlinis ng dila para matanggal ang bakterya at mag-floss din araw-araw.



# EDITORIAL

## Harvest time ng sugarcane bakit aangkat ng asukal?

*Nakapagtataka ang aksiyon ng Sugar Regulatory Administration (SRA) na mag-aangkat ng 300,000 metriko tonelada ng asukal gayung panahon ngayon ng pag-aani ng tubo (sugarcane). Ang pag-import ng asukal ay nakasaad sa Sugar Order No. 4 at nakapost sa SRA website. Ang SO4 ay may lagda ni Department of Agriculture Undersecretary Leocadio Sebastian na kumakatawan para kay Pres. Ferdinand Marcos, na umuupong SRA board chairman; SRA administrator and vice chairman Herminigildo Serafica at SRA members Roland Beltran at Gerardo Valderrama Jr.*

*Noong nakaraang Hulyo 29, 2022, nagkaroon ng konsultasyon ang SRA sa sugar planters, millers, refiners at traders tungkol sa isasagawang importasyon ng asukal at iba pang detalye sa import program. Sinabi ni Serafica na walang ibang paraan kundi ang mag-import ng asukal para malutas ang problema sa kakulangan ng asukal.*

*Subalit ang planong pag-import ay ni-reject ni President Ferdinand Marcos Jr. Walang ibinigay na dahilan ang presidente kung bakit ni-reject ang planong importasyon. Subalit lumalabas na tutol talaga ang presidente sa importasyon hindi lamang ng asukal kundi sa iba pang agri products.*

*Noong Hulyo, makaraan ang kanyang inagurasyon at ginampanan ang tungkulin bilang Agriculture secretary, tutol na ang presidente sa importasyon. Ayaw niyang mag-import sapagkat ang gusto niya ay maparami ang pagkain. Sapat na pagkain ang kailangan. Bakit mag-iimport ang isang bansang agricultural.*

*Nakapagtataka naman ang aksiyon ng mga lumagda sa SO4 na pinangunahan ang presidente sa pag-import ng asukal. Bakit gustung-gusto nilang mag-import at hindi sinangguni ang presidente ukol dito.*

*Ginawa rin ang balak na pag-iimport sa panahong nag-aani na ng tubo (sugarcane). Anong nangyayari sa mga pinuno ng SRA na maraming inaaning tubo pero gusto pang mag-import? Gusto ba nilang mamatay ang industriya ng asukal sa bansa. Paano makakabawi ang mga lokal sugarcane farmers kung dadagsa ang imported na asukal sa merkado.*

*Kailangang magsagawa ng imbestigasyon ukol dito. Kailangang may maparusahan sa ura-uradang desisyon na pag-import ng asukal.*


**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.











PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.

Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

Email: pahayagancavite@gmail.com

Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**

**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# Food, beverage firm kicks off efforts to reach plastic neutrality

MANILA – Universal Robina Corp. (URC), one of the country's largest food and beverage companies, has kicked off a slew of initiatives to collect, recover, and divert plastic waste as part of its overall goal to achieve plastic neutrality.

These include long-term collaborative projects on waste management that cover community engagement and linking with local recyclers.

"We are aiming to make lasting, concrete changes on an institutional level, in a way that affects all operations and demonstrates our resolve as a world-class manufacturer," URC's president and chief executive officer Irwin Lee said in a statement Thursday.

"The culminating goal," he said, "is to establish a sustainable value chain within a few years."

With "Juan Goal for Plastic", URC hopes to help convert post-consumer waste into something useful, and to be an active part of consumers' collect-and-recycle activities.

Under this program, several plastic collection sites have been set up in the country, with more to be opened within the year.

Through its La Carlota sugar mill in Negros Occidental and in partnership with the city of La Carlota, Barangay Roberto Salas Benedicto (RSB) and the Sangguniang Kabataan of Barangay RSB, URC is collecting PET (polyethylene terephthalate) bottles and other types of plastic every month. It is exchanging plastic waste for cash, matching weight for "environmental points".

URC's plant in Bagong Ilog partnered with the Pasig City government and Basic Environmental Systems & Technologies, Inc. (BEST) to collect plastic twice a week in exchange for environmental points that can be used to redeem URC products or school supplies.

In General Mariano Alvarez (GMA), Cavite, URC's plant teamed up with the local government of GMA and Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) to collect plastic every month in exchange for URC products.

Other sites include Robinsons Malls Galleria that started July 30, to be followed by Robinsons Malls in Ermita, Las Pinas, Magnolia and Starmills Pampanga, starting August 13.

In partnership with Robinsons Land Corporation (RLC), URC will set up plastic collection booths in these locations every payday weekend, which will offer a drop-weigh-redeem scheme for clean and dry plastic waste.

"With our current systems, plastic waste will be segregated and given new life that supports a true circular economy," Lee said.



*Attendees of Juan Goal for Plastic in Cavite bring their used plastics to the waste collection event.(Photo courtesy of URC)*

URC has also been looking at multi-stakeholder partnerships to tackle the immense plastics challenge.

It is one of the member companies of the Alliance to End Plastic Waste, an industry-founded non-profit organization which promotes solutions that reduce and avoid environmental pollution from plastic waste.

URC is likewise an investor and strategic partner of Planet First, a purpose-led European growth investment platform dedicated to developing solutions to address sustainability challenges.

URC's initiatives are in line with the Gokongwei Group's thrust to promote long-term efforts that will significantly help manage post-consumer plastic waste.

Other business units under the group have ongoing collection, sorting and recycling programs in various areas nationwide.

RLC is offering rice in exchange for plastic waste through its "Trash to Bigas" project. Robinsons malls partnered with Robinsons Supermarket, where customers can swap a kilo of plastic donated with a half-kilo of rice every weekend since June. This initiative is currently being done at Robinsons Place in General Santos City.

Another initiative is the Easy on the Plastic program which aims to divert plastics from oceans and landfills to more sustainable options.

In two years, 18,000 ecobricks were collected and were used to create a community center for the Yangil tribe in Zambales while some were converted to school chairs.

Select Robinsons Easymart and Robinsons Supermarket branches have started accepting clean and dry PET bottles, which will be processed and recycled.

"Our ambition to become a sustainable global enterprise has been steadfast and resolute, amid lingering challenges and the steady reopening of economies," Lee said. "The plans that we have set in motion are bringing us closer to our goals." (PR)




## GUHIT NG KAPALARAN

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mag-ingat sa pagsya-shopping dahil baka madukutan ka. Ayusin ang pagsunod sa budget. Isang lihim ang matutuklasan ngayon. Bigyan ng panahon ang iyong pamilya, isang kamag-anak ang nangungulila sa'yo. Lucky number at color for the day ang 19, 52, 38, 48 at sapphire blue.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Ang iyong good news ay mula sa embassy, approve na ang visa mo. Matatanggap ang iyong cash advance. Lucky number at color for the day ang 51, 18, 28, 31 at royal purple.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Sa bugso ng damdamin, mapapalundag ka sa magandang balita. Masaya ka sa iyong achievement. Lucky number at color for the day ang 19, 28, 42, 54 at vermillion red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Marami kang na-achieve ngayon. Mabilis ang opportunities na darating, mag-enjoy sa iyong tagumpay. Lucky number at color for the day ang 13, 19, 36, 49 at taffy brown.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Magkakaroon ng mga bagong investment ideas. Kumunsulta sa psychic para magabayan sa mga bagong investment. Lucy number at color for the day ang 7, 15, 26, 40 at forest green.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Mapanlinlang ang work situation. Kailangan na maging mapagmasid sa mga mapanirang tao sa iyong paligid. Lucky number at color for the day ang 14, 21, 53, 45 at heather pink.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Maraming sabit ang business proposal. Iwasan ang mga nais mag-manipulate sa'yo. Lucky number at color for the day ang 12, 53, 31, 45 at mustard yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Mahalaga ngayon na pa-tuloy na pag-aralan ang mga bagay-bagay lalo na tungkol sa pag-ibig. Para hindi ka magoyo. Lucky number at color for the day ang 17, 52, 38, 45 at flamingo red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Huwag assuming dahil mapapaaway ka sa maling akala. Chill ka lang kapag napako ang pangako. Lucky number at color for the day ang 18, 23, 38, 42 at french blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Slight lang ang mangyayaring hidwaan. Kailangan lang ang mahinahong paliwanag. Ingatan ang valuables. Lucky number at color for the day ang 20, 26, 31, 42 at neon green.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Ang iyong work ay magbibigay ng financial freedom. Huwag mag-invest sa networking. Lucky number at color for the day ang 13, 22, 53, 45 at cinammon brown.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Masu-surprise sa matatanggap. Dahil mula ito sa bayad ng limot mo ng pinautang. Iwasan ang away. Lucky number at color for the day ang 18, 20, 33, 53 at mango orange.

FamilyMart

## Libreng HIV counseling, testing para sa Carmona gay movement, inilunsad



Matagumpay na inilunsad ng lokal na pamahalaan ng Carmona sa pangunguna ng Municipal Health Office (MHO Carmona) ang proyektong HIV Counseling and Testing para sa 147 na miyembro ng Carmona Gay Movement.

Layunin ng nasabing programa na maitaas ang kamalayan ng mga mamamayan lalo na sa mga miyembro ng LGBTQ+ community ukol sa HIV at matulungan na malamaan at maagapan ang sakit.

Source/Photo: Dr. Dahlia A. Loyola



Kinumusta ko po ang Balik-Sigla Balik-Eskwela program ng Imus City Health Office (CHO), na ginanap sa Gov. D.M Camerino Integrated School.

Sinamahan po tayo nina Dir. Ariel Valencia ng Department of Health (DOH) Center for Health Development (CHD) Calabarzon, Dr. Rosemarie Torres, SDS ng DepEd Tayo Imus, Dr. Maria Rossini De Ausen, OIC ng City Health Office (CHO), at Mr. Mark Joseph Mitra ng City Epidemiology Surveillance Unit (CESU).

Tayo po ay nagkabit ng treated nets sa mga silid-aralan para maiwasan ang pagpasok ng lamok sa mga bintana, at nagkaroon din ng community assembly kung saan tinalakay po ang mga paraan upang makaiwas sa dengue at iba pang uri ng sakit.

Sinundan din po ang mga ito ng turnover ng mga kagamitan panlaban sa dengue galing sa Department of Health (DOH).

Sa ating pagtutulungan, tuloy-tuloy lang ang mga programang pang-edukasyon at pangkalusugan dito sa ating lungsod!







PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558 In God We Trust

VOL. 21 NO. 26 AUGUST 22 - 28, 2022 10.00


## REPRESENTANTE NG TRECE MARTIRES,WAGI BILANG MISS PHILIPPINES EARTH-WATER 2022

Nagwagi bilang bagong Miss Philippines Earth –Water 2022 si Bb. Angeline Mae Santos ng Trece Martires City sa katatapos lamang na Miss Philippines Earth 2022 Grand Coronation nitong Sabado.

Ang nasabing kompetisyon ay ginanap sa Coron, Palawan kung saan ilang mga kandidata mula sa iba't ibang panig ng bansa ang naglaban-laban.



Bagaman umani ng mga batikos dahil sa kanyang katawan ay hindi hinayaan ni Santos na maging dahilan ito upang hindi niya maipakita ang galling niya at ang kanyang adbokasiya.

"Coming back from an international pageant that really pushed me harder to the ground as I was bashed by people because of my body image, to returning to the pageant that I love for its cause, Miss Philippines Earth," aniya sa isang post sa social media.

Nagpaabot naman ng pagbati si Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan kay Santos. "Congratulations to the newly crowned Miss Philippines Water 2022, Angeline Mae Santos who proudly represented Trece Martires City in Miss Philippines Earth 2022 Grand Coronation held on August 6, 2022 at Coron, Palawan. We, Trecen~os are proud of you!"

Photo courtesy of Angeline Mae Santos

## J&J, ITITIGIL NA ANG PAGBEBENTA NG TALC-BASED BABY POWDER



Ihihinto na ng kumpanyang Johnson & Johnson ang paggawa at pagbebenta ng kanilang talc-based baby powder sa buong mundo simula sa darating na 2023.

Matatandaang unang itinigil ng nasabing kumpanya ang pagbebenta ng talc-based baby powder sa U.S noong 2020 matapos makatanggap ng libu-libong reklamo mula sa mga consumer kaugnay ng anila'y 'misinformation' tungkol sa kanilng produkto.

"As part of a world-wide portfolio assessment, we have made the commercial decision to transition to an all cornstarch-based baby powder portfolio," ayon sa pahayag ng J&J.

Dagdag pa nila, mabibili na sa merkado sa iba't ibang bahagi ng bansa ang kanilang cornstarch-based baby powder.

Aabot sa 38,000 lawsuits ang isinampa laban sa J&J dahil kontaminado umano ng asbestos ang kanilang talc-based baby powder na maaaring maging sanhi ng sakit na cancer.

Samantala, mariin naman itong itinanggi ng J&J at sinabing 'safe' at 'asbestos-free' ang kanilang produkto.

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY